Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/15

Mga sagot sa Pagbigay ng Tamang Panghalip na Panao

Panuto: Isulat sa patlang ang tamang panghalip na panao.

1. Ngayon lang kita nakita dito sa paaralan. Bagong mag-aaral __ka__ ba rito?
2. Sabi nila may bagong kamag-aral daw kami. __Ikaw__ ba ang bagong kaklase namin?
3. Ang pangalan ko ay Michael. __Ako__ ay siyam na taong gulang.
4. Ang tatay at nanay ko ay parehong guro. __Sila__ ang nag-aalaga at nagpapaaral sa akin.
5. Ang kapatid ko na si Melody ay apat na taong gulang. __Siya__ ay nasa *kindergarten*.
6. Ikaw at ako ay magkaklase. __Tayo__ ay mga mag-aaral ni Binibining Katrina Garcia.
7. Pumasok na sa silid-aralan sina Jim at Mica. __Sila__ ay ating mga kamag-aral.
8. Ako, si Jim, at si Mica ay magkakaibigan. Matagal na __kaming__ magkakilala.
9. Nakita ko na nag-usap kayo ni Lino. Magkakilala ba __kayo__?
10. Nariyan na si Binibining Katrina Garcia. __Siya__ ang ating guro sa *English*, *Science*, at *Math*.
11. at 12. Magaling ako magbasa at magsulat sa Filipino kaya ito ang paboritong asignatura __ko__. Ikaw, ano ang paboritong asignatura __mo__?
13. Magsisimula na ang klase. Mamaya na lang __tayo__ mag-usap.
14. “Mga bata, may bagong kamag-aral kayo. Nais ba __ninyo__ na makilala siya?” sabi ni Binibining Garcia.
15. “Halika, Anthony. Dito ka sa harap ng klase magpakilala upang marinig __ka__ ng lahat.”